

Pahintulot na Lumahok sa Pananaliksik

Hinihiling sa inyong lumahok sa isang pananaliksik na pag-aaral.

Bago kayo sumang-ayon, dapat sabihin sa inyo ng tagapagsiyasat ang tungkol sa (i) mga layunin, mga pamamaraan, at itatagal ng pananaliksik; (ii) anumang pamamaraang itinuturing na eksperimental; (iii) anumang makatuwirang nakikinitang panganib, kawalan ng ginhawa, at kapakinabangan ng pananaliksik; (iv) anumang potensyal na makakatulong na alternatibong pamamaraan o paggamot; at (v) kung paano pananatilihin ang pagiging kumpidensyal.

Kung saan naaangkop, dapat ding sabihin sa inyo ng tagapagsiyasat ang tungkol sa (i) anumang maibibigay na kabayaran o medikal na paggamot kung may matatamong pinsala; (ii) posibilidad ng mga nakikinitang panganib; (iii) mga pagkakataon kung kailan maaaring ihinto ng tagapagsiyasat ang inyong pakikilahok; (iv) anumang karagdagang bayarin ninyo; (v) kung ano ang mangyayari kapag nagpasya kayong huminto sa paglahok; (vi) kung kailan ipapaalam sa inyo ang tungkol sa mga bagong impormasyong maaaring makaapekto sa inyong pagpayag na lumahok; at (vii) ilang tao ang magiging bahagi ng pag-aaral.

Kung sasang-ayon kayong lumahok, dapat kayong bigyan ng may lagdang kopya ng dokumentong ito at ng nakasulat na buod ng pananaliksik.

Maaari kayong makipag-ugnayan kay _____ sa numero ng telepono na _____ sa anumang oras na may mga tanong kayo tungkol sa pananaliksik.

Maaari kayong makipag-ugnayan kay _____ sa numero ng telepono na _____ kung may mga tanong kayo tungkol sa inyong mga karapatan bilang kalahok sa pananaliksik o kung ano ang gagawin kung may matatamo kayong pinsala.

Kusang-loob ang inyong pakikilahok sa pananaliksik na ito, at hindi kayo papatawan ng parusa o tatanggalan ng mga benepisyo kung tatanggi kayong lumahok o magpapasya kayong huminto.

Nangangahulugan ang paglagda sa dokumentong ito na ang pananaliksik na pag-aaral, kabilang ang impormasyong nakasaad sa itaas, ay nailarawan sa inyo sa pananalita, at na kusang-loob kayong sumasang-ayong lumahok.

Lagda ng kalahok

petsa

Lagda ng saksi

petsa